

# 1

Napabalikwas ng bangon si Gelli mula sa pagkakahiga sa kanyang kama. Pawisan ang kanyang noo matapos maulit ang isang masamang panaginip na gusto na niyang kalimutan.

Nagpasya ang dalaga na iwan muna ang higaan. Lumapit siya sa bintana ng silid upang makalanghap ng sariwang hangin. Malamig ang gabi, tulad ng kanyang puso. Hindi tuloy maiwasang magbalik sa kanyang balintataw ang isang pangyayari sa kanyang buhay.

Lumington siya sa kanan kung saan nakapuwesto ang isang malaking salamin, kitang-kita niya roon ang kanyang kabuuan. Maraming nagsasabing maganda siya. Mahaba ang kanyang buhok na itim na itim, maganda ang hugis ng mukha niya na bagay na bagay sa nangungusap niyang mga mata. Ang kanyang mga labi ay natural na mapula ang kulay.

Matangkad din siya, pang-beauty pageant ang height, sabi nga. Balingkinitan ang kanyang katawan, kahit mag-two piece siya ay walang aalalahanin. Hindi nalalayo ang hubog at ganda niya sa mga modelo ng damit at undergarments.

Ngunit sa kabila ng kagandahang taglay ay may isang wala sa kanya: pag-ibig. Mas tamang sabihing nawala iyon sa kanya.

Five years ago, a tragic event ended her relationship with her last boyfriend. At ngayon pagkalipas ng mga taon ay kilala na siya bilang isang babaeng matigas ang puso at hindi marunong magmahal.

She—Angelique Cervantez or Gelli to most people—was now known to be a woman with a heart of stone.

Ilang ulit siyang huminga nang malalim bago nagbalik sa kama para muling mahiga. Kailangan niyang bumalik sa pagtulog dahil may pasok pa siya sa opisina bukas.

The name Angelique Cervantez was synonymous to fashion design. Sikat siya hindi lamang sa Pilipinas kundi maging sa ibang bansa. Elegance was her trademark. Babae man o lalaki ang kliyente.

Ang sabi nga ng iba ay para siyang may mahika dahil lahat ng dinidisenyo niyang damit ay nagkakaroon ng kakaibang appeal sa tao.

Kahit kulang sa tulog ay nakabangon pa rin siya sa oras. Hindi siya maaaring magpahuli. Malapit

na ang fashion week at maraming nag-aabang sa kanyang bagong collection.

Pagkagayak ay nagtungo na siya sa fashion house.

“Good morning, Ma’am!” bati ni Stella, secretary niya.

Tinapunan niya ang babae ng matalim na tingin na agad ikinayuko ng ulo nito.

Alam nitong ang pinakaayaw niya ay ang sinasalubong siya ng ngiti ng mga empleyado. May naaalala kasi siya. Ang tanging klase ng ngiti na kaya niyang sikmurain ay iyong galing sa mga kliyente. Dahil madaling magbigay ng hungkag na ngiti sa mga taong di lubusang nakakakilala sa kanya. Hangga’t maaari, ayaw niyang mapilitang magbalik ng sinserong ngiti. Sa kahit kanino.

Ganoon na siya mula nang makapa ang galit para sa mga kalalakihan.

Nakayuko pa rin si Stella nang muling magsalita.

“Sorry, Ma’am. Hindi na po mauulit.”

Naupo si Gelli sa kanyang swivel chair. “Aasahan ko iyan, Stella. Sa susunod na ngumiti ka, you’re gonna be fired before you can wipe it off your face.

Got that?”

“Y-yes, Ma’am.”

“Pakidalhan mo ako ng kape,” utos niya na hindi tumitingin dito.

Nagangatal itong sumunod.

Hinawakan ni Gelli ang ulo.

*Oh, my! Ang aga-aga ay nabubuwisit agad ako. I need to relax.*

Dinampot niya ang diyaryo na nakapatong sa desk. Natigilan siya nang makita ang pamilyar na larawan sa isa sa mga pahina niyon.

“So the devil is back,” mahina niyang nasambit.

---

*Five years ago...*

*Parang naglalakad sa ulap ang pakiramdam ni Gelli habang tinatahak niya ang pasilyo patungo sa pad ng kasintahan.*

*Masaya siya sa kanyang pagbabalik mula sa Paris. Nag-aral siya roon ng fashion design. Pangarap niya talagang maging sikat na fashion designer.*

*She graduated with flying colors a couple of weeks*

ago at hindi niya malilimutan ang araw na iyon. Dahil nang araw rin na iyon mismo nag-propose ang kasintahan na si Howard. Nobyo na niya ito mula pa noong high school. Their romance was like a fairytale dahil lahat ay perpekto at tila wala na siyang mahihiling pa mula nang mag-propose ito ng kasal.

Pakanta-kanta pa siya habang lumalakad. Gusto niyang sorpresahin ang nobyo. Ang alam nito ay sa susunod na linggo pa siya uuwi. Ngunit hindi na siya makapaghintay na makita ang mapapangasawa.

“Surprise, Howard! Ay, hindi yata romantic kapag ganoon...”

Para siyang bata na nag-iisip ng magandang panggulat sa kalaro.

“Lambingan ko na lang kaya? Hi, Babe... surprise!” banat niya sa mapang-akit niyang boses. “Ganoon na lang...” mahina niyang dugtong bago natawa sa sarili.

Bahagya siyang nagtaka nang makitang nakaawang ang pinto ng pad ni Howard. Kilala niya ang nobyo at alam niyang lagi nitong sinisigurado na sarado ang pinto ng pad nito.

“Weird...” Ipinilig niya ang ulo. “Pero baka nakalimutan lang niya...”

*Naglabas muna siya ng isang malaking ngiti bago itinulak ang pinto habang hawak ang seradura. Agad na nawala ang ngiti niya nang makita ang damit na pambabae at panlalaki na isa-isang nakahanay papasok sa silid ng lalaki.*

*Kinutuban na siya nang makita ang mga iyon ngunit naglakas-loob pa rin siyang tumuloy habang nagbabadya ang luha sa kanyang mga mata.*

*“Howard, may kiliti ako diyan...” anang babae sa mapusok nitong tono.*

*“Then I must kiss that part more...”*

*Nais masuka ni Gelli sa nasaksihan. Nakatapis lang ng tuwalya ang nobyo. Basa ang buhok nito at hinahalikan ang leeg ng babae na naka-undies na lang.*

*Natigilan ang babae nang makita siya. Pinilit nitong makawala sa bisig ni Howard.*

*“Babe, may bisita ka.”*

*Parang argabyado pang lumingon ang lalaki na halatang ayaw tumigil sa ginagawa. Ngunit para itong nakakita ng multo nang makita siya. “Angelique...”*

*Kahit nangangatog ang mga tuhod ay pinilit niyang magpakatatag. Pinigil niya ang luhang nagbabantang pumatak mula sa kanyang mga mata.*

*“Ganito pala ang ginagawa mo kapag wala ako.”*

*“Babe, kapatid mo ba siya?” tanong ng babae.  
“Sorry, Ate, ha? Kasi itong si Howard, eh.”*

*Parang bulang biglang naglaho ang pagnanais niya na maiyak sa nakita. Parang gusto niyang sumabog sa narinig.*

*At pagkamalan pa akong ate? Mukha na ba akong matanda?*

*Gusto niyang sugudin at sabunutan ang babae dahil sa tinuran nito ngunit pinigil niya ang sarili. Alam niyang hindi dapat siya bumaba sa lebel nito na nakikipaglandian sa lalaking malapit nang ikasal.*

*Nilingon niya si Howard. “Bakit hindi ka magsalita diyan? Sabihin mo kung sino ako!”*

*“Angelique, let me explain...”*

*“Ang sabi ko sabihin mo kung sino ako sa buhay mo!” singhal niya nang akmang lalapitan siya ng lalaki.*

*“Ah, Carla, siya si Angelique... ang fiancée ko,” tila maamong tupa na sabi ni Howard.*

*“Not anymore, Howard. We are done!” Pagkasabi niyon ay walang babalang nilisan niya ang lugar.*

*Mabilis siyang naglakad sa hallway ng building patungo sa elevator ngunit naabutan siya ni Howard. Hinablot nito ang kanyang braso.*

*“Please listen to me first, Angelique...” Pilit siyang inihaharap nito sa sarili. “I’m sorry, alam kong hindi ko dapat iyon ginawa. Pero—”*

*“Pero ano, Howard?” Nagsimula nang bumagsak ang luhang pinipigilan niya. “Ano?”*

*“Pero sa iyo pa din naman ang bagsak ko, eh. Pakakasalan pa din kita. I am just enjoying my bachelor days before it—”*

*Isang napakalakas na sampal ang isinukli niya sa sinabi nito. “Ang kapal ng mukha mo! Bakit? Kapag nagpakasal ba tayo katapusan na din ng buhay mo? You’re pathetic!” Hinamig niya ang sarili saka mabilis na pumasok sa elevator.*

*Nang hindi na siya sinundan ng lalaki ay saka niya pinakawalan ang sakit na nadarama. Iyak siya nang iyak habang nasa loob siya ng elevator. Mabuti na lang at walang ibang nakasakay roon.*

*Hindi na niya alam kung papaano siya nakarating sa parking lot ng building sa nanlalabo niyang paningin dahil sa pagluha. Naninikip ang kanyang dibdib. Naisip niya na kung ganoon ang pag-ibig ay*



*hindi na siya muli pang iibig. Hindi na niya gustong masaktan.*

*“Miss, are you all right?”*

*Tumingala siya nang marinig ang estrangherong boses. Hindi lingid sa kanya na lalaki ang nagmamay-ari ng nag-aalalang tinig na iyon sa kabila ng biglang pagsakit ng ulo niya. Nahihilo siya at di gaanong makakita dahil sa patuloy na pagluha.*

---

Hindi makapaniwala si Vince Mariano sa kanyang nakikita. Parang kahapon lang sa kanya ang mga nangyari. Hindi niya malilimutan ang araw na nagkatagpo sila ng taong kasalukuyang papalapit sa kinapupuwestuhan niya ngayon.

“May I join you?” tanong ni Gelli. “This seat in front of you is the only one left unoccupied.”

Pakiramdam niya ay sinusuwerte siya. Puno ng tao ang coffee shop nang mga oras na iyon—okupado ang lahat ng mga mesa at upuan. At ang tanging bakanteng puwesto ay ang upuan sa harapan niya.

Hindi niya ipinahalata ang paghanga sa babae. Tumango siya kasabay ng pag-aayos ng kanyang salamin sa mata. “Sure.”

“Thank you.” Isang matamis na ngiti ang isinukli nito.

Tumango si Vince upang ikubli ang ngiting nais makawala sa kanyang labi.

Five years ago, he was in real pain upon discovering his girlfriend’s unfaithfulness. Ang akala niya ay hindi na siya muling ngingiti.

But since he first met this beautiful lady in front of him things had suddenly changed.

Muling nagkakulay ang mundo niya nang makilala niya si Gelli. Kagagaling lang niya sa kompanya ng mga magulang matapos mapagdesisyunan na pansamantalang tutungo sa Amerika upang makalimot. Natagpuan niya ito na lumuluha sa parking lot ng building na pag-aari niya. Okupado niya ang penthouse niyon.

---

*“Miss, are you all right?”*

*Hindi alam ni Vince kung bakit ganoon na lamang ang kanyang pag-aalala sa babaeng nakita niyang umiiyak sa parking lot. He was on his way home after a very long day. Parang pinaglalaruan siya ng kapalaran dahil sa mga nangyayari sa kanyang buhay. Iniwan*

siya ng kanyang kasintahan. Para bang kulang pa ang problemang iyon, ang nakababata niyang kapatid ay may kinalolokohang lalaki na malapit nang ikasal.

Pakiramdam niya ay pasan niya ang buong mundo ngunit nang makita niya ang babaeng lumuluha sa harapan niya ngayon ay biglang nabago ang pananaw niya. Mukhang hindi siya nag-iisa. May pakiramdam siya na problema sa puso ang common denominator nila.

*“Do I know you?”*

*Vince shook his head with a bitter smile. “Hindi.”* Umupo siya sa bench na malapit sa elevator, sa tabi mismo ng babae.

*“Bakit mo ako kinakausap?”*

*“Hindi ko din alam,”* matapat na pag-amin niya. *“Siguro dahil nararamdaman kong pareho tayong may problema.”* Nagpakawala siya ng hininga. *“I know it’s weird kasi hindi kita kilala pero nang makita kitang umiiyak, pakiramdam ko hindi ako nag-iisa. May problema din ako—malaki.”*

*“Pag-ibig?”*

Sa kabila ng kalungkutan niya ay napatawa siya sinabi ng babae. *“Bakit alam mo? Iyon din ba ang*

*problema mo?"*

*Tumango ito. "Oo, pero..."*

*"Huwag kang mag-alala. Hindi kita pipilitin na magkuwento kasi hindi ko rin gustong gawin iyon."*

*Tumango ito. "Naiintindihan ko."*

*"Ang weird, di ba? Hindi kita kilala pero nakikipag-usap ako sa iyo."*

*"Tama ka," tugon ng babae. "My name is Angelique. Gelli for short."*

*"What a lovely name! A name as gorgeous as the one who owns it. Pasensya ka na kung inabala kita sa pag-iyak mo."*

*Umiling si Gelli. "I guess I need someone to talk to. Ayaw ko kasi na magmukmok."*

*Tumango siya, nauunawaan ang sinabi nito. Ganoon din ang pakiramdam niya. Hindi niya gusto ang malungkot.*

*"Are you okay, Gelli?" Napansin niya ang pamumutla nito. "You look pale."*

*Umubo ito. "Don't worry... ganito lang talaga ako kapag umiiyak. Why don't you tell me your name?"*

*Sweet Karma - Anna Loyzaga*

---

*“Oh, yeah... I forgot to say mine. I am Vince—Gelli!” Agad na sinalo niya ang dalaga nang mawalan ito ng malay. “Gelli, can you hear me? Gelli, wake up!”*

## 2

Malaki ang ipinagbago ng taong nasa harapan niya ngayon kumpara sa Gelli na nakilala niya noon. Wala na ang iyaking si Angelique Cervantez. Sa paglipas ng mga taon ay lihim niyang sinubaybayan si Gelli at nakita niya ang pagiging matatag nito. At hindi kaila sa kanya ang pagiging stone-hearted ng dalaga.

“So how’s life, Miss Cervantez?” tanong niya na hindi lumilingon at patuloy lamang sa pagbabasa ng diyaryo.

Ugali na niya ang magkape tuwing umaga sa coffee house na iyon sa Makati.

Wala sa mga naroon ang nakakaalam na siya ang may-ari ng lugar. Nais niyang pag-aralan ang reaksyon ng mga parukyano sa serbisyo nila. Kailan lang ay pumayag na magtrabahong general manager doon ang batang-bata niyang pinsan. Tuloy ay malaya siyang nakakapag-observa sa lugar.

Araw-araw siyang nagtutungo roon na animo regular lamang siyang kliyente. Binabayaran niya ang kapeng ino-order niya. Sinimulan niya ang negosyong iyon may pitong taon na ang nakakaraan. Ang lugar

na iyon sa Makati ang kauna-unahan niyang branch at mahal na mahal niya iyon kahit pa mayroon na siyang dalawampu pa sa iba't ibang panig ng Pilipinas. Binabalak na rin niyang magtayo ng branch sa labas ng bansa.

Kumunot ang noo ni Gelli kasabay ng pagtanggap ng shades nito. “How did you know my name?” Napasatsat ito. “It seems that everyone knows who I am. Useless din yata itong get-up ko.”

“You’re too beautiful not to be noticed,” aniya kalakip ang isang ngiti. Hindi na niya sinabing nagkakilala na sila noon. Malamang ay hindi na rin siya nito natatandaan. Hindi nakawala sa kanya ang biglang pamumula ng mga pisngi nito.

“Don’t be selfish and return my compliment with a smile.”

Nagtaas ito ng kilay. “I am not here to receive your compliments, Mister.”

“Whoa!” Kunwari ay nabigla siya sa talas ng dila nito pero ang totoo ay natuwa siya. Lalo itong gumanda sa paningin niya. “Ang taray mo naman, ang ganda-ganda ng umaga.”

Balitang masungit ang babae kaya takot ang mga manliligaw nito. Matagal na niyang gustong mapalapit

dito pero hindi niya pinilit makipagsabayan.

“Baka hindi mo ako nakikilala?”

“I know who you are.” Ipinakita niya ang napakalaking ngiti sa kanyang mga labi. “You’re the woman with a heart of stone. Alam ko rin na hindi mo gustong nakikita na ngumingiti ang mga tao kaya panay ang irap mo.”

Tila wala sa loob na nahampas nito ang lamesa. “Damn you,” she muttered. “Hindi mo ako kilala kaya wala kang karapatan na husgahan ako.”

Gusto niyang matawa nang makitang namumula ito sa inis. He found her very lovely. Pero baka napasobra talaga ang sinabi niya.

Tumikhim siya. “I’m very sorry, Miss Cervantez. Mali ako na sinabi ko ang totoo.”

Kumalma nang kaunti si Gelli ngunit nang maunawaan ang pahiwatig ng lalaki ay dumoble ang inis na nadarama nito.

“Ang kapal talaga ng mukha mo!” biglang sabi nito.

Itinaas niya ang dalawang kamay. “Whoa! I’m sorry again. Let me make it up to you. How about dinner on Friday?”



Mapusok ang ngiti nito. “Talaga? Date tayong dalawa?” anito, kunwari ay kinikilig.

Tumango-tango si Vince habang nagbubunyi ang damdamin. Hindi niya akalain na magiging ganoon kadali para sa kanya na mapalapit dito. Noon pa niya gustong mangyari iyon—for several reasons. Kahit nabigla siya ay nagpaubaya siya nang hawakan ni Gelli ang kanyang kamay.

“Ah!” Napalundag siya mula sa kinauupuan nang ibuhos ni Gelli sa kandungan niya ang mainit nitong kape. “Ouch!” Ang totoo ay hindi talaga nakakalapnos ang init niyon, nakakagulat lang.

“Ipinahiya mo ako pagkatapos gusto mong makipag-date ako sa ’yo? Neknek mo!” singhal nito at mabilis na umalis.

Nang mawala na sa paningin niya ang dalaga ay saka siya nagpakawala ng malakas na tawa. Wala siyang pakialam kung pinagtitinginan na siya ng mga tao sa coffee shop. Basta ang alam lang niya ay masaya siya na muli niyang nakita si Gelli.

“Aray!” sigaw niya nang pingutin ng pinsang si Marco ang kanyang tainga.

“Ano ka ba, Kuya Vince?” sita ng lalaki. “Magti-trip ka na rin lang ng tao, si Angelique Cervantez

pa ang napili mo. Hindi mo ba iyon kilala? Walang patawad iyon.”

Tinawanan lang niya ang pinsan. “Bro, kilalang-kilala ko siya.” Nag-thumbs up siya rito. “Kilalang-kilala.”

“Maimpluwensya iyon kung di mo naitatanong. Bahala ka kapag siniraan niya itong café mo.”

Vince waved his hand dismissively. “Hindi mangyayari iyon dahil may utang na loob ’yun sa akin. Trust me. Ako ang bahala.”

Nakita niyang ipinilig ng pinsan ang ulo nito.

---

“Kaasar! Kaasar!” Mariing pinalo-palo ni Gelli ang busina ng kanyang sasakyan habang nasa parking lot ng building ng kanyang opisina. “Ang yabang! As if naman kilala niya ako,” ngitngit niya.

Asar pa rin siya hanggang ngayon sa nangyari sa coffee shop kanina. Kaya lamang siya nagpunta sa lugar ay dahil nalaman niya kailan lang na madalas magkape roon si Howard. Plano niyang subaybayan nang lihim ang bawat kilos ng lalaki. Baka ngayon na ang pagkakataon upang makaganti siya rito.

Gusto niyang ibalik dito ang sakit na nadama niya

nang malaman niya ang pagtataksil nito. Paiibigin niyang muli ang lalaki at kapag mabaliw-baliw na ito sa pagkahumaling sa kanya ay saka niya ito iiwan.

“Ma’am?”

Naputol ang pagmumuni-muni niya nang katukin ng isang guard ang bintana ng kanyang kotse. Padarag niyang ibinaba ang bintana sa side niya.

“Bakit ba?” angil niya.

“Ma’am, may problema po ba?”

“Wala!” sigaw niya. “At kung may problema man hindi ko sasabihin sa inyo!”

Pagkatapos ay parang bigla siyang natauhan at naawa nang mapagtantong nasigawan niya si Mang Ambo—ang pinakamatandang guard sa building. Mabait ito sa kanya kahit pa ubod siya ng sungit.

“Pasensya na po, Mang Ambo,” bawi niya nang makalamay ang loob.

Sa halip na magpakita ng pagkadismaya ay nginitian siya nito. “Wala pong kaso ’yun, Ma’am. Pasensya na din po kasi akala ko ay kung napaano na kayo dahil bumusina kayo nang malakas.”

Napakagat siya sa pang-ibabang labi. Ngayon

lang niya naisip na nakakaalarma nga ang kanyang ginawa. “Kuwang po kasi... napaumpog po ako sa busina ng sasakyan.” Batid niyang halata ang pagsisinungaling niya pero tumango lang ang matandang lalaki na tila nauunawaan ang nangyari.

“Ayos lang po ba kayo, Ma’am?”

“Opo...” tugon niya. Hindi niya rin maintindihan kung bakit napakagaan ng loob niya sa kaharap. Kung naiba-iba siguro ito ay tiyak na hindi niya maiibigan ang ginagawa nitong pagtatanong.

“Hindi po ba kayo nahihilo?”

Ipinilig niya ang ulo at pagkatapos ay lumabas na ng sasakyan upang magtungo sa kanyang opisina.

“Sige po, Ma’am, babalik na po ako sa puwesto ko.”

Tumango siya, nakokonsyensya pa rin sa ipinakita niya.

“Mang Ambo...” umpisa niya.

Muli siyang nilingon nito. “Bakit po, Ma’am?”

“Samahan po ninyo akong mag-almusal, hindi pa po kasi ako kumakain.” Ginawa niyang malumanay ang pagsasalita upang hindi magtunog utos iyon.

Napakamot ito sa ulo. “Nakakahiya naman po, Ma’am.”

“Sige na po,” pakiusap niya na may ngiti sa labi. “Peace offering ko po kasi nasigawan ko kayo. Sigurado po akong ayos lang naman sa kasama n’yo na maiwan siya sandali sa pagbabantay.”

Para siyang batang tuwang-tuwa nang pumayag ito sa alok niya. Nakilala niya ito nang bumalik siya sa Pilipinas pagkatapos mag-aral sa ibang bansa. Stay-in security guard ito sa isang kalapit-bahay sa subdivision na tinitirahan niya. Lagi itong magalang na bumabati tuwing daraan siya.

Nakaluluwag sila sa buhay at dahil nag-iisa siyang anak, pinag-aral siya ng mga magulang sa ibang bansa upang ipakita ang pagsuporta ng mga ito sa kanyang pangarap na maging magaling na fashion designer.

Ulila na siyang lubos. Namatay ang mga magulang niya sa isang car accident ilang araw pagkabalik niya sa Pilipinas. Nangyari iyon pagkatapos niyang matuklasan ang panloloko ni Howard.

Kahit hindi niya isatinig ay naging ama-amahan niya si Mang Ambo. May mga pagkakataon noon na inalagaan nito ang hardin sa harapan ng bahay na

napabayaang mula nang magpasya siyang mamuhay mag-isa, wala kahit isang kasambahay.

Bilang pasasalamat sa mga pagtulong-tulong nito sa kanya nang mga panahong nagluluksa siya ay ginawan niya ng paraan na magkaroon ito ng mas magandang trabaho na hindi malayo sa kanya.

“Ma’am, puwede po bang magtanong kung hindi ninyo mamasamain?” anito nang nasa restaurant na sila.

Uminom muna siya ng juice bago nagsalita. “Gelli na lang po, Mang Ambo. Matagal ko na rin po kayong kilala at hindi na po kayo iba sa akin.”

“Nakakahiya naman po, Ma’am.”

“Sige kayo, magagalit ako kapag tinawag n’yo pa rin ako ng ‘Ma’am’,” natatawang turan niya. “Pasensya na po talaga at nasigawan ko kayo kanina.”

“Kow... nauunawaan ko, kasi iyong namayapa kong asawa ay ganyan din kapag may problema.”

“Masungit din po siya?” napangiting tanong niya.

Tumango ito. “Medyo. Pero mabait din. Katulad mo.”

“Ako po mabait?” ulit niya.

Muli itong tumango. “Noong una ko pa lang ikaw nakita, alam ko nang mabait ka. Kahit na ba sinasabi ng marami na masama ang ugali mo.”

Sang-ayon siya sa huling sinabi ni Mang Ambo dahil sigurado siyang iyon ang sentimyento ng mga empleyado niya. Alam niyang ‘Bruha’ ang tawag sa kanya kapag nakatalikod siya.

“Kung hindi po kayo mabait, hindi n’yo ako tutulungan na makahanap ng trabaho na mas maganda ang suweldo.” Sumubo ito ng pancake pagkasabi niyon.

Naramdaman niya ang pag-init ng mga pisngi. Na-flatter siya sa sinabi ng matanda. Sa kabila pala ng magaspang na ugali na pambalat-kayo niya ay mayroon pa ring nakakakita sa totoong niloloob niya.

Hindi talaga niya nais na magsungit at maging antipatika, pero iyon ang ginagawa niya dahil ayaw niyang mapalapit sa kahit na kanino. Sa ginawa sa kanya ng pag-ibig ay mahirap na para sa kanya ang magtiwala. Tama na sa kanya ang dinanas na pagkabigo, ayaw na niyang maulit pa iyon.

“Ano nga po pala ang gusto ninyong itanong?” aniya nang tila mag-alangan na ang matanda.

“Ah, alam ko po na hindi tamang manghimasok

ako sa personal ninyong buhay.” Tumikhim ito. “Gusto ko lang po na malaman n’yo na kapag kailangan ninyo ng makakausap o kaya ay tagapakinig sa problema ay puwede po ako.”

Ngumiti siya. “Sige po, aasahan ko po iyan. Mang Ambo, hindi po ba kayo nahihirapan sa trabaho ninyo bilang guwardya?”

Mayumi ang ngiti ng matanda. “Nahihirapan din,” malamlam na sagot nito. “Pero ito lamang ang trabahong alam ko at alam kong masuwerte ako na may maayos akong pinagkakakitaan.”

Nakadama siya ng awa para sa matanda. Gusto niya itong tulungan dahil hindi lingid sa kanya na nag-iisa na ito sa buhay. Nangungupahan ang matanda malapit sa subdivision nila.

Napaisip siya sandali. “Mang Ambo, okay lang po ba sa inyo kung kunin ko kayong driver pagkatapos ng kontrata n’yo ngayon?”



# 3

“Here comes the devil,” bulong ni Gelli sa sarili nang makitang pumasok sa café si Howard.

Gusto niyang magbunyi. Sa wakas ay natiyempuhan din niya si Howard. Base sa pagpapaimbestiga niya ay engaged na ang lalaki—ulit.

Nang malaman niya iyon ay nagdalawang-isip siya sa planong pagganti. Ayaw niyang makasakit ng sinumang babae, gaya ng nadama niya noong matuklasan niya ang kataksilan ni Howard. Ngunit sa huli ay nanaig ang pagnanais niyang makaganti sa kahit na anong paraan. Iyon na lang ang mahalaga para sa kanya. Gusto niyang ibalik kay Howard ang sakit na nadama niya noon.

Parang nananadya ang pagkakataon na pumuwesto pa ang lalaki malapit sa kanya. Gaya ng inaasahan ay napansin siya agad nito.

“Is that you, Gelli?” masayang paniniguro nito nang lapitan siya. “Gelli Cervantez?”

Mapang-akit ang kanyang ngiti. “Howard?” Kunwari ay nagulat siya na makita ito. “Howard Hernandez! My, it’s been a while. How are you?”

Binigyan niya ng halik sa pisngi ang lalaki.

“I-I’m doing well. I landed from L.A. a couple of weeks ago,” nauutal na pahayag nito. “Ikaw, kumusta? You look stunning!” papuri nito.

Pinilit ni Gelli na hindi magmukhang peke ang mga ngiti niya kahit naaasbagan siya sa kaharap. At naroon pa rin ang poot niya sa lalaki kahit matagal nang nangyari at natapos ang relasyon nila.

“So are you here for good?” *Do say yes para makaganti na ako...*

“Oo, lalagay na kasi sa tahimik,” saad nito. His smile was sheepish.

“Talaga? Mabuti naman.” Ang kapal din talaga nito para sabihin iyon gayong kung ngitian siya at titigan ay tila may ibang gustong hingin sa kanya.

“But seeing you again like this, I am starting to have second thoughts.”

Muntik na siyang mapailing. Hindi pa rin talaga ito nagbabago. Baka nga gagawan niya pa ng pabor ang babae na pakakasalan nito.

“Are you still single?” Howard continued.

*Jackpot! Madali ko lang palang maisasagawa ang*

*plano.*

“Uhm—”

“Sweetheart, nandito ka na pala. Sorry, I’m a bit late,” sabat ng isang baritonong boses.

Parang binuhusan si Gelli ng malamig na tubig nang biglang lumitaw ang lalaking nambuwisit sa kanya sa mismong coffee shop na iyon maraming araw na ang nakakaraan.

And did he just call her ‘Sweetheart’?.

Hindi pa siya nakakabawi ay mabilis pa sa kidlat na hinalikan siya nito sa labi. Parang gusto niyang biglang maghurumentado. Mukhang masisira pa ang plano niya.

Gusto niyang suntukin sa mukha ang bagong dating dahil sa ginawa nito pero nangangatog ang mga tuhod niya. At naiinis siya dahil hindi niya maitanggi na may hatid na kakaibang sensasyon ang ginawa nitong paghalik sa kanya. Nawala tuloy bigla sa diwa niya ang planong pagganti at sa halip ay natutok ang isip niya sa nangyaring halik. Para siyang dinaluyan ng kuryente na masarap damhin.

Binigyan niya ang lalaking nakahawak pa ang isang kamay sa balikat niya ng matalim na tingin,

pero sinuklian lamang nito iyon ng malambing na ngiti.

Narinig niyang tumikhim si Howard. Gulat na nilingon ni Gelli ang lalaki. Hindi siya makapag-isip nang maayos na maidadahilan. Hindi maaaring masira ang kanyang plano. Wala pa siyang ‘Plan B’.

Naroon ang pagkabigla sa reaksyon ni Howard. Parang gusto niyang mapaismid nang mahalata ang pagseselos nito.

Pilit siyang ngumiti. “Ano kasi, Howard—”

“Vince, Pare,” sabat uli ng bagong dating. Inilahad nito ang kamay. “Vince Mariano.”

Kitang-kita niya kung paanong napilitang tumayo at nakipagkamay si Howard sa lalaking nagpakilalang ‘Vince’. Kilala niya si Howard. Kung siguro ay hindi ito agrabyado o lalabas na talunan ay kanina pa nito hinamon si Vince ng suntukan dahil sa selos. Napangiti siya, kahit paano pala ay may maganda ring naidulot ang nangyari.

Mamaya na niya sisingilin ang Vince Mariano na ito.

“Gelli, ano mo siya?” walang kagatol-gatol na tanong ni Howard.

“Ah, eh...”

“Boyfriend niya ako,” anang lalaking prenteng naupo sa tabi niya.

Iwinasiwas ni Gelli ang isang kamay. “Naku, hindi! Hindi totoo ’yun kasi—”

“She’s right, hindi na niya ako boyfriend ngayon,” agaw uli ni Vince sa atensyon ng lalaki.

“Oo, ganoon nga,” nakahinga nang maluwag na sang-ayon niya.

“Dahil fiancée ko na siya at malapit na kaming ikasal,” dugtong ni Vince.

“Ha?” *Sumosobra ka na!* “Anong—”

Aktong tatayo na si Gelli upang mag-walk out. Sinisira ng Vince na ito ang plano niya at hindi siya makapapayag. Pero bago pa siya tuluyang makatayo ay inakbayan na siya ng lalaki kasabay ng pagyakap at pagbulong nito.

“Sumakay ka na lang, Miss Cervantez,” anito na inilapit ang bibig sa tainga niya. “O, gusto mo bang mas tagalan ko ang paghalik sa ’yo sa harap ng lalaking iyan?”

Bahagya niyang inilayo ang ulo sa lalaki,

nagtatanong ang mga mata. “We’re not engaged, Vince.”

Pero sa halip na sagutin siya ay hinarap ng huli si Howard. “Pare, pasensya ka na, ha?” Ang mga mata ng dati niyang fiancé ay nanghihingi ng paliwanag. “Ang gusto kasi ni Gelli ay ang pamilya ko ang unang makaalam tungkol sa engagement namin, pero masyado akong excited. Halos lahat ng nakakausap ko, ang tungkol sa kasal namin ang unang nasasabi. Hindi ba, Sweetheart?” Pinisil pa nito ang braso niya.

*Aray!* “Oo. Kaya huwag mo na lang pansinin itong si Vince, Howard, ha?”

“Kaya baka magpa-press con na kami at sabihin sa media ang tungkol dito,” pahabol ni Vince.

“Ano?” Biglang baling siya sa katabi.

Umaabuso na ito! Parang bulkan siya na gustong sumabog sa galit. Nauubos na ang pasensya niya.

“Totoo ba iyon, Gelli?” usisa ni Howard.

“Excuse me.” Sa halip na tugunin ito ay mabilis siyang tumayo at nagtungo sa restroom ng café. Pagbalik niya sa mesa ay si Vince na lamang ang naroon.

“Sino ka bang *Poncio Pilato* ka at sinabi mo kay Howard na fiancée kita?” asik ni Gelli pagbalik na pagbalik nito sa mesa. Doon ito naupo sa puwestong binakante ni Howard.

Tuwang-tuwa si Vince habang pinagmamasdan ang nakasimangot na dalaga. Umayon sa plano niya ang mga pangyayari. May pakiramdam siyang nais maghiganti ni Gelli sa dati nitong nobyo. Nagkataon lang na iisa ang taong gusto nilang puntiryahin. May malaking atraso si Howard Hernandez sa kanya. Pinaglaruan nito ang damdamin ng kapatid niyang si Carla na naging dahilan ng pagkawala sa katinuan ng huli.

Sinira ng lalaki ang buhay ni Carla. At nalaman rin niya na malaki ang ginawa nitong kasalanan kay Gelli.

“Easy, Sweetheart.” Matamis siyang ngumiti sa kaharap. “Di ba sinabi ko na kanina ang pangalan ko? My name is Vince Mariano,” ulit niya.

“Kaasar,” mahinang maktol ni Gelli.

“Ang ganda pala ng pangalan mo, Miss Cervantez. Kaasar. How original.” Sinikap niyang huwag matawa.

“Wala akong panahong makipaglokohan sa iyo!”

Itinaas niya ang dalawang kamay niya na parang sumusuko. “Okay, okay! Sorry.”

“Just stay away from me,” she angrily said. Pagkatapos ay tumayo na ito at mabilis na naglakad patungo sa glass exit ng café.

Sa halip na gawin ang sinabi nito ay tumayo siya at hinabol ang dalaga. Malaki ang maaaring maitulong nito sa plano niyang paghihiganti. Hindi niya kayang patawarin si Howard. Ito lang naman ang lalaking umagaw sa dati niyang kasintahan. At ngayon nga ay magpapakasal na ang dalawa.

Ipinagbukas niya ng pinto ang dalaga. “I’m afraid I can’t do as you wish, Miss Cervantez. And if you must know, I am doing you a big favor.”

Magkasunod silang lumabas ng glass door.

She snorted. “Ang yabang mo din, ano! For your information, I don’t need you to do any favors for me. Ang alam ko lang, may kinakausap akong tao ’tapos bigla ka na lang lumapit at nanggulo,” gigil na pahayag nito.

“I saved you,” maikling tugon niya. Nasa parking space na sila.



“Saved me from what?” Tumigil ang babae sa tabi ng sasakyan nito.

“See for yourself.” Inginuso niya si Howard na may karay na babae.

Hinahalikan pa ng lalaki ang leeg ng kasama nito habang naglalakad ang dalawa patungo sa isang kotse. Babaero pa rin ang anak ng tipaklong. Nakakagalit dahil niloloko lang nito si Cindy, ang ex-girlfriend niya na fiancée ni Howard ngayon. Nang makaalis ang sasakyan ng huli ay ibinalik niya ang paningin kay Gelli.

Halata niyang nagulat ito. “Get what I mean? Engaged na siya pero nambababae pa rin. Iniligtas lang kita sa posibleng pagpapaloko mo sa kanya.”

Nagtaas ito ng kilay. “At ano’ng gusto mong palabasin? Na dapat pa akong magpasalamat sa iyo?”

“A simple thank you will do, but agreeing to have dinner with me is much better,” aniya. “I have a proposition for you. Pag-usapan natin mamaya?”

“In your dreams!”

“Oh, c’mon,” nangingiting pambabalewala niya. “I’m sure you enjoyed my kiss earlier.” Kitang-kita niya ang pamumulang pilit nitong ikinubli.

Nagsalubong ang dalawang kilay ng babae. Kinindatan niya ito.

“You are so gonna regret this. I’m going to have a word with the owner of the café. I’ll have you banned from this place forever!” banta pa nito.

Napahalakhak siya. “Are you serious? Kilala mo ba kung sino ang may-ari ng coffee shop?” hamon niya.

“Oo! Kaya bukas na bukas din maghanap ka na ng ibang coffee shop na pagkakapehan!”

Vince smiled to himself. Umikot ang babae sa driver’s side ng kotse nito at minaniobra iyon paalis sa kinatatayuan niya.

---

Gustong magwala ni Gelli kapag naaalala ang pagnanakaw ng halik sa kanya ni Vince Mariano. Hindi niya mapigilan ang pag-iinit ng mga pisngi tuwing naiisip iyon. Pakiramdam niya ay masisiraan na siya ng bait. Tila paulit-ulit na naglalaro sa kanyang isipan ang buong pangalan ng lalaki. Para iyong pirated disc na walang tigil sa pagbanggit ng pangalan nito.

Kasamang bumabalik sa isip niya ang hitsura

ng binata. Napakaguwapo nito. The man's clean cut black hair matched his professional attire. Ang mga mata nitong kulay light brown na maamong tingnan. Mapupula ang mga labi nito na talagang bumagay dahil maputi ito. Mababanaag sa pisikal na kaanyuan nito ang pagkakaroon ng dugong banyaga.

Hindi man niya gustong aminin ay may paghanga siyang nadama para rito lalo na noong magkaharap ito at si Howard at magkaroon siya ng pagkakataon na ikumpara ang dalawa. Walang-wala ang dating nobyo sa kalingkingan ni Vince.

Ang hindi niya maintindihan ay kung bakit pamilyar ang mukha ng antipatikong binata sa kanya.

“Stella!” tawag niya sa intercom.

Humahangos na pumasok sa opisina niya ang sekretarya. Sa simpleng tawag niya ay taranta na ito. Para itong ipo-ipo sa paghangos nito.

Tumikhim siya. “Pasensya na, Stella. May iniisip lang ako kaya galit ang tono ko.”

Nakita niya ang pagkabigla nito. “Humihingi po kayo ng dispensa sa akin, Ma’am?”

Tinitigan niya ito. “Don’t push it.”

“Sorry, Ma’am,” nakayukong bawi nito. “Ano po

iyong ipagagawa n'yo?"

“Alamin mo kung sino ang owner ng *Fifth's Café*,” seryosong sabi niya. “Then arrange my schedule so I can have a meeting with him or her.”

Nagpakawala siya ng malakas na hininga nang makaalis si Stella sa opisina niya. Talagang irereklamo niya sa may-ari ang lalaking hindi mawala sa isip niya. Nauubos na ang pasensya niya. Simula noong huli silang magkita ni Vince ay hindi na siya nakapag-concentrate sa trabaho. Ang sabi niya sa sarili niya ay isa lang ang solusyon doon at iyon ay ang pagbibigay hustisya sa naganap. Tuturuan niya ito ng leksyon.